May isang batang lalaking naglilingkod noon sa Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan

Ayon kay Anas bin Mālik, malugod si Allah sa kanya: "May isang batang lalaking naglilingkod noon sa Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, at nagkasakit ito. Pinuntahan ito ng Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, upang dalawin ito. Naupo siya sa tabi ng ulo nito at nagsabi rito: Yumakap ka sa Islam. Tumingin ito sa ama nito habang iyon ay nasa tabi nito. Nagsabi iyon: Tumalima ka kay Abulqāsim. Yumakap ito sa Islam at lumabas ang Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, habang siya ay nagsasabi: Ang papuri ay ukol kay Allah na sumagip sa kanya sa Impiyerno."
[Tumpak] [Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy]

Nasaad sa hadith na may batang kabilang sa mga Hudyong nasa Madīnah noon, na naglilingkod noon sa Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan. Nagkasakit ito at dinalaw ito ng Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan. Inalok niya ito na yumakap sa Islam. Yumakap sa Islam ang bata kaya nagsabi siya: "Ang papuri ay ukol kay Allah na sumagip sa kanya sa Impiyerno."

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/6186

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee